**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN**

SINIPI [illegible] KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-4 NG AGOSTO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino d. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 169-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHQAN BLG. 53-T'97/KAUTUSANG BARANGAY SA PAGLALAAN NG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2-T'97 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG LABUIN NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWAMPU'T PITONG LIBO,. LIMANDAAN AT ISANG PISO AT TATLUMPU'T TATLONG SENTIMOS (P27,501.33) PARA SA KARAGDAGANG HONORARIA AT ALLOWANCE NG MGA OPISYALES NG NABANGGIT NA BARANGAY.

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 53-T'97/Kautusang Paglalaan ng Karagdagang Badyet Blg. 2-T'97 ng Sangguniang Barangay Labuin na nagkakahalaga ng P27,501.33 para sa karagdagang honoraria at pallowances ng mga opisyales ng nabanggit na barangay mula sa buwan ng Hulyo, 1997 hanggang sa Disyembre, 1997;

**SAPAGKA'T**, ito ay nasuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at napatunayang hindi ito lumalampas sa 55% bahagdan na itinakda para sa Pantauhang Paglilingkod, ayon sa itinatadhana ng Batas-Republika Blg. 7160.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Heidi S. Ciriaco, Bernardo E. Ison, Jeffrey A. Villaseñor at Celestino D. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kap. Blg. 53-T'97/Kautusang Paglalaan ng Karagdagang Badyet Blg. 2-T'97 ng Sang. Brgy. Labuin na nagkakahalaga ng P27,501.33 para sa karagdagang Honoraria at Allowance ng mga opisyales ng nabanggit na baangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, at Brgy. labuin, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan